
# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN II**




## MODYUL 1

## Heograpiya ng Asya

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 1**

**HEOGRAPIYA NG ASYA**

Sa pag-aaral ng kasaysayan, mahalagang maunawaan ang kaugnayan ng heograpiya sa kasaysayan at kultura ng mga tao sa mga bansang Asyano.

Ang heograpiya ay nagmula sa dalawang salitang Griyego – ang *geo* (daigdig) at *graphein* (magsulat). Ito ay nangangahulugan ng paglalarawan ng ibabaw o balat ng lupa. Ang heograpiya ay maraming kinukuhang datos sa iba't ibang agham pisikal, bayolohikal, at sosyal. Ito ay nagbibigay liwanag sa pagkakaayos o distribusyon ng bawat pangyayari at kahulugan nito sa paninirahan ng tao sa isang pook. Sa pag-unawa sa simula ang mga yamang-lupa ay nakapagbigay sa historyador ng mga kabatiran kung paano ginagamit ang mga ito.

May tatlong araling inihanda para sa iyo:

- Aralin 1: Ang Katangiang Pisikal
- Aralin 2: Mga Rehiyon Sa Asya
- Aralin 3: Mga Pinagkukunang Yaman

Pagkatapos ng modyul na ito ay inaasahang malilinang mo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. Mailalarawan ang mga katangian ng kapaligirang pisikal sa mga rehiyon ng Asya katulad ng kinaroroonan, hugis, sukat, anyo, klima, at "*vegetation cover*" (tundra, taiga, *grasslands*, *desert*, *tropical forest* at *mountainlands*);
2. Maipaliliwanag ang konsepto ng Asya tungo sa paghahating heograpiko nito: Silangang Asya, Timog-Silangang Asya, Timog Asya, Kanlurang Asya, Hilagang Asya, at Hilaga/Sentral Asya; at
3. Matataya ang mga yamang-likas ng mga rehiyon sa Asya:
   a. Matataya ang mga impluwensiya ng kapaligirang pisikal at yamang-likas ng mga rehiyon sa pamumuhay ng mga Asyano noon at ngayon sa larangan ng agrikultura, ekonomiya, panahanan, at kultura;

b. Masusuri ang mga dahilan at epekto ng mga suliraning pangkapaligiran sa pamumuhay ng mga Asyano; at
c. Maipapahayag ang kahalagahan ng pangangalaga sa timbang na kalagayang ekolohikal ng rehiyon.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




## PANIMULANG PAGSUSULIT

Panuto: Suriin at ibigay ang tamang kasagutan. Bilugan ang titik.

1. Ang pinakamalaking kontinente ng daigdig.
   A. Aprika
   B. Asya
   C. Europa
   D. Hilagang Amerika

2. Ang pinakamataas na bundok sa mundo.
   A. Bundok Everest
   B. Mayon
   C. Taal
   D. Mount Fuji

3. Ang pinakamaliit na bulkan sa daigdig.
   A. Mount Fuji
   B. Bundok Everest
   C. Taal
   D. Mayon

4. Ang pinakamalaking talampas sa daigdig.
   A. Deccan
   B. Indus-Ganges
   C. Huang Ho
   D. Tibet

5. Saan matatagpuan ang pinakamalaking kapuluan sa daigdig?
   A. Malaysia
   B. Indonesia
   C. Bangkok
   D. Singapore

6. Alin sa mga sumusunod ang walang disyerto?
   A. Pilipinas
   B. India
   C. Arabia
   D. Iran

7. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa tatlong karagatan sa daigdig na nakapalibot sa Asya?

A. Karagatang Pasipiko
B. Karagatang Indian
C. Karagatang Artiko
D. Karagatang Atlantiko

8. Ano ang pinakamalaking dagat sa Asya?
   A. Dagat Tsina
   B. Dagat Bering
   C. Dagat Okhotsk
   D. Dagat Pula

9. Kilala sa tawag na Persia noong unang panahon.
   A. Iraq
   B. Iran
   C. Saudi Arabia
   D. Kuwait

10. Aling bansa ang may pinakamaliit na populasyon sa buong daigdig?
   A. Tsina
   B. Siberia
   C. Taiwan
   D. Mongolia

11. Ano ang pinakamalaking pinagkukunan ng enerhiya sa Tsina?
   A. bakal
   *B. lead*
   C. karbon
   *D. sulfur*

12. Ano ang bansang isa sa pinakamalaking lungsod sa buong mundo at dating kolonya ng Inglatera?
   A. Hong Kong
   B. Singapore
   C. Indonesia
   D. Malaysia

13. Ano ang klimang makikita sa mga pook sa mababang latitud na malayo sa Ekwador?
   A. *Tropical*
   B. Disyerto
   C. *Marine*
   D. *Savanna*

14. Alin sa klimang ito ang makikita sa silangang baybayin ng mga kontinente 35° hilaga o timog ng Ekwador?

A. Tundra
B. *Humid Sub-Tropical*
*C. Continental steppe*
*D. Tropical*

15. Ano ang klima na matatagpuan sa matataas na bundok?
  A. *Humid Continental*
  B. *Continental Steppe*
  C. Klimang *Vertical*
  D. *Marine*

16. Aling klima ang nabibilang sa pinakamataas na latitude?
  A. Tundra
  B. *Marine*
  C. *Savanna*
  D. Latitud

17. Ano ang sonang may katamtamang klima at pinakamalamig na sona?
  *A. Tropical*
  B. Latitud
  *C. Savanna*
  D. Disyerto

18. Ano ang pinakamalaking ilog sa buong mundo?
  A. Ilog Yangtze
  B. Ilog Hsi
  C. Ilog Cagayan
  D. Ilog Mindanao

19. Anong bansa ang may mahalagang daungan at isang sentro ng kalakalan bagaman walang likas na yaman?
  A. Tsina
  B. India
  C. Singapore
  D. Malaysia

20. Aling bansa ang marami ang likas yaman at nakapagluluwas ng goma at tablang teak?
  A. Vietnam
  B. Thailand
  C. Brunei
  D. Laos


**ARALIN 1**

**ANG KATANGIANG PISIKAL**



Ang Asya ang pinakamalaking kontinente sa daigdig. Tinatawag na kontinente ang pinakamalaking dibisyon ng lupain sa globo. Iba't ibang kaanyuang pisikal ang matatagpuan sa Asya kagaya ng kinaroroonan, sukat at hugis, mga anyong lupa at anyong tubig.

Ang Europa, ayon sa iba ang hindi maituturing na isang kontinente dahil isa lamang itong tangway na nakadikit sa Asya. Kung masusing pag-aaralan ang mga mapa ng mundo, mapapansing ang Europa ay karugtong pa rin ng Asya at ayon sa iba, maaari lamang itong ituring na isang kotinente kung ang Europa ay idurugtong sa Asya at tatawaging Eurasya.




Pagkatapos ng aralin, inaasahang malilinang ang mga sumusunod mong kasanayan:

1. Maipaliliwanag ang kinaroroonan ng Asya at ang mga hangganan nito;
2. Mailalahad at masusuri ang mga anyong lupa at anyong tubig; at
3. Nakapagbibigay ng sariling reaksyon sa kaugnayan ng anyong lupa at anyong tubig sa katangiang pisikal.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Bago tayo magsimula, mag-isip muna tayo. Sa pamamagitan ng isang *graphic organizer*, magbigay ng limang halimbawa ng anyong lupa at anyong tubig.




**Kinaroroonan**

Pag-aralan ang mapa ng daigdig at bakasin ang kinaroroonan ng Asya at ng mga hangganan nito.


Mapapansin ang sumusunod:

Sa hilaga, nasasakop ng Asya ang teritoryo mula sa paanan ng kabundukang Ural hanggang sa baybayin ng Karagatang Arctic at tuloy-tuloy sa Kipot Bering;

Sa silangan, ang hangganan ay mula Kipot Bering patungong karagatang Pasipiko, kasama ang Hapon at Taiwan;

Sa timog, nakapaligid ang Dagat Timor hanggang Karagatang Indian at Dagat Arabia;

Sa kanluran, ang mga hangganan ay ang Dagat Arabia papuntang Dagat Mediterranean, tuloy-tuloy sa Dagat Aegean, Kipot Dardanelles at Bosporus, Black Sea at Bundok Caucasus hanggang Kabundukang Ural.




Mapapansin ding napalilibutan ng mga anyong-tubig ang kontinente ng Asya. Sa hilaga matatagpuan ang Karagatang Arktiko, sa silangan ay ang Karagatang Pasipiko, sa timog ay ang Karagatang Indian at sa kanluran ay ang Red Sea, Mediterranean, Black Sea, Caspian Sea at kabundukan ng Ural.

**Sukat at Hugis**

Umaabot sa 44,339,000 kilometrong kwadrado, kasama ang mga pulo, ang sukat ng Asya. Sumasakop ito ng ikatlong bahagi ng kapuluan ng daigdig. Kung ihahambing ang laki nito sa ibang kontinente, katumbas ng Asya ang pinagsamang sukat ng Hilaga at Timog Amerika, kasama ang Australia, at mahigit pa sa apat na

beses na laki ng Europa. Makikita sa talahanayan sa ibaba ang sukat ng mga kontinente.

| **Talahanayan ng Sukat ng Mga Kontinente ng Daigdig** | | |
|---|---|---|
| Kontinente | Milya kwadrado | Kilometro Kwadrado |
| 1. Asya | 17,120,000 | 44,339,000 |
| 2. Aprika | 11,704,000 | 30,312,999 |
| 3. Hilagang Amerika | 9,362,000 | 24,247,000 |
| 4. Timog Amerika | 6,874,600 | 17,804,526 |
| 5. Antarktika | 5,500,000 | 14,244,000 |
| 6. Europa | 5,100,000 | 10,445,000 |
| 7. Australya | 2,966,155 | 7,682,300 |
| Kabuuan | 58,626,765 | 149,134,825 |


## Mga Anyong Lupa at Anyong Tubig

| | |
|---|---|
| **Mga Bundok** | Ang pinakamataas na bundok sa mundo ay ang **Bundok Everest** na nasa hanay ng kabundukan ng Himalaya. Ang taluktok nito ay may taas na 8848 metro (29,028 talampakan) mula sa pamantayan ng tubig. Nasa gitna ng Asya ang Himalaya na may habang 2400 kilometro. Nasa hilaga ito ng Nepal at India at karugtong ang talampas ng Tibet. Noong 1953, nagtagumpay si **Sir Edmund Hillary** na akyatin ang talutok ng Bundok Everest. Ang hangganang timog nito ay ang hanay ng kabundukan sa Tsina hanggang *Black Sea*. Hinahati ng Himalaya ang Asya sa hilaga at timog, Kanlurang Asya at Timog Silangang Asya. Hadlang din ito sa pagdating ng ulan sa rehiyon. Nasa rehiyong ito ang kabundukan ng Hindu Kush at ng Caucasus.<br>Sa dulong timog ng Dagat Caspian patungong baybayin ng Lawang Baikal ay may hanay na kabundukan din. Ang |

| | |
|---|---|
| | pinakamataas na taluktok nito ay ang **Pamir** na pinakasentro ng mga hanay ng kabundukang Himalaya, Tien Shan at Hindu Kush. Humigit-kumulang na 4,000 metro ang taas ng pook kaya binansagan itong "**bubungan ng daigdig**". |
| **Mga Bulkan** | Maraming bulkan sa Asya. Sa Japan lamang, may 165 bulkan at 54 ang aktibo. Ang **Mount Fuji** ang pinakatanyag na bundok sa Japan. Sa Pilipinas naman, ipinagmamalaki ang **Mayon**, ang hugis konong bulkan at ang **Taal**, ang pinakamaliit na bulkan sa daigdig. Nakilala ang bulkan ng **Krakatoa** sa Indonesia sa buong mundo dahil sa lakas ng pagsabog nito noong Agosto, 1883. Nadama ang lakas ng pagsabog nito hindi lamang sa pulo ng Krakatoa kung hindi hanggang sa Sumatra at Java at hanggang sa Inglatera. |
| **Mga Talampas** | Ang **Tibet** ang pinakamalaking talampas sa daigdig. May taas ito na 4,545 metro at sukat na 1,040,000 kilometro kwadrado. Dito nagmumula ang malalaking ilog sa Silangang Asya. Nasa India naman ang malaking talampas **Deccan**. |
| **Kapatagan at Lambak** | Matatagpuan ang malaking kapatagan ng **Indus-Ganges** sa hilaga ng India. Ang lambak ng mga Ilog **Huang Ho**, **Yangtze** at **Amur** sa Tsina ay may haba na 2,880 kilometro. Malawak din ang mga lambak ng mga Ilog **Mekong** sa Indotsina, Ilog **Chao Phraya** sa Thailand, Ilog **Irrawaddy** at **Salween** sa Myanmar. Sa Pilipinas naman, pinakamalawak ang kapatagan ng **Gitnang Luzon** at **Koronadal** sa Mindanao. |
| **Disyerto** | Isa ring pisikal na kaanyuan sa Asya ang mga disyerto. Nasa Tsina ang 1,440 kilometrong **Takla Makan** at ang disyerto ng **Gobi**. May disyerto rin sa Arabia, Iran, Iraq at India. |
| **Kapuluan** | Ang Indonesia ang pinakamalaking kapuluan sa daigdig na binubuo ng 13,000 mga pulo. Ang kapuluan ng Pilipinas ay binubuo ng 7,107 mga pulo. Isang kapuluan din ang Hapon. |
| **Tangway** | Ang tangway ay bahagi ng kapuluang nakausli sa karagatan. |

| | |
|---|---|
| | Halimbawa nito ang mga tangway ng India, Indotsina, Saudi Arabia, at Malaysia. Dahil sa laki, itinuturing ng ibang manunulat na isang sub-kontinente ang India. |
| **Karagatan at Dagat** | Maliban sa Karagatang **Atlantiko**, ang tatlong karagatan sa daigdig ay nakapalibot sa Asya. Ang mga ito ay ang mga Karagatang **Pasipiko** sa silangang Asya, Karagatang **Indian** sa timog, at ang **Arktiko** sa hilaga.<br>Ilang dagat naman ang matatagpuan sa rehiyon. Ang **Timog Dagat Tsina**, ang pinakamalaking dagat sa Asya ay napaliligiran ng Vietnam, Malaysia, Indonesia, at Pilipinas. Ang dagat **Mediterranean**, pangalawa sa pinakamalaki sa Asya, Aprika, at Europa. Ang Dagat **Bering** ay nasa pagitan ng Asya at Hilagang Amerika. Ang Dagat **Okhotsk** ay nasa hilaga ng Hapon at silangan ng Rusya. Ang Silangang dagat Tsina ay nasa silangan ng Tsina. Nasa pagitan ng Turkey at Rusya ang **Black Sea** at nasa pagitan ng Saudi Arabia at baybayin ng Aprika ang **Red Sea**. Nasa dulo ng Red Sea ang **Isthmus ng Suez** na nagdurugtong sa Asya at Aprika. Ginawang kanal ito upang paigsiin ang mahabang ruta sa Asya sa halip na umikot pa sa katimugang dulo ng Aprika. |
| **Ilog** | Maraming ilog sa Asya. Ang mga Ilog **Lena** at **Ob** ay nagsisimula sa kabundukan, umaagos sa Rusya sa Hilagang Asya at tumutuloy sa Karagatang Arktiko. Dumadaloy sa India, Pakistan, at Bangladesh ang mga Ilog **Indus**, **Ganges**, at **Brahmaputra**. Ang **Huang Ho o Yellow River**, Ilog **Yangtze** at Ilog **Amur** ang malalaking ilog sa Tsina. Ang Ilog Yangtze ang pinakamahaba sa Asya at umaabot ito sa 5,590 kilometro.<br>Mula sa talampas Tibet may ilang ilog sa Timog-Silangang Asya. Ang Ilog **Mekong** na may habang 4,166 kilometro ay dumadaloy sa tangway ng Indotsina hanggang Timog Tsina, ang Ilog **Chao Phraya** sa Thailand, ang mga Ilog **Irrawaddy** at |

| | |
|---|---|
| | **Salween** sa Myanmar ang tumutuloy sa Dagat **Andaman**. Sa Pilipinas, ang Ilog **Cagayan** sa Luzon ang pinakamalaki. Sa Korea, pinakamalaki naman ang Ilog **Yalu**. Ang mga ilog naman sa Kanlurang Asya ay ang **Tigris-Euphrates** at **Jordan**. |
| **Lawa** | Sa mga lawa, pinakamalaki ang lawang **Aral** sa Hilagang Asya at Rusya na may sukat na 64,740 kilometro kwadrado. Ang mga lawa sa Gitnang Asya ay ang **Balkash** at **Baikal**. Ang Lawa **Van** sa Turkey ay tinaguriang **Lawang Asin** dahil sa tindi ng alat ng tubig. Ang pampang ng lawa ay pinagkukunan ng asin. Sa Timog-Silangang Asya, ang lawa ng **Laguna de Bay** sa Pilipinas ay malaking anyo ng tubig-tabang. |
| **Golpo** | Isa sa mga mahalagang golpo sa Asya ay ang **Golpo ng Persia** na dinaraanan ng mga *tanker* ng langis. Malaki rin ang **Golpo ng Siam** at **Golpo ng Tonkin**. **Golpo ng Langayen** at **Golpong Davao** ang pinakamalaking golpo. |
| **Look** | Sa mga look naman, ang **Look ng Bengal** ang pinakamalaki sa rehiyon. Ang **Look ng Maynila** sa Pilipinas ay isang likas na daungan. Matatagpuan dito ang dalawa sa pinakamalaking daungan sa daigdig – ang North at South Harbor. |



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Punan ang talahanayan ng wastong sagot. Isulat sa patlang upang mabuo ang talahanayan ukol sa halimbawa ng lugar na katatagpuan ng mga sumusunod.

| | Mga Halimbawa |
|---|---|
| 1. Lambak | |

| | |
|---|---|
| 2. Mga Lawa | |
| 3. Mga Ilog | |
| 4. Talampas | |
| 5. Golpo | |



**Tandaan Mo!**

- Nailalarawan din ang kinaroroonan ng Asya sa pamamagitan ng mga digri ng latitud at longhitud.
- Hindi regular ang hugis ng kalupaang Asya. Ang lapad nito mula sa sailangan hanggang sa kanluran ay 9,700 kilometro (6,000 milya) sa pinakamalapad na bahagi at ang haba naman mula hilaga patimog ay 8,700 kilometro (5,400 milya).
- Iba't ibang anyong lupa at anyong tubig ang matatagpuan sa Asya. Matatagpuan dito ang mga mataas at malaking hanay ng kabundukan, talampas, bulkan, malapad na karagatan, lambak, at disyerto.
- Binubuo ng malaking kalupaan, mga tangway, *archipelago*, at maraming pulo ang Asya.



**Gawain 3. Paglalapat**

Magbigay ng sampung klima na napag-aralan mo at isulat sa loob ng kahon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. | 2. | 3. | 4. | 5. |
| 6. | 7. | 8. | 9. | 10. |

## ARALIN 2
## MGA REHIYON SA ASYA



Malawak ang lupang sakop ng Asya at malayo ito sa kanilang kinalalagyang lugar kung kaya lumikha ng mga katawagan ang mga kanluranin bilang pagkilala sa ilang bahagi ng kontinente. Dahil sa laki ng Asya, lubhang malaki ang pagkakaibaiba ng heograpiyang pisikal.

May limang rehiyon ang Asya na tinatakdaan ng mataas na hanay ng bundok: Hilagang Asya, Silangang asya, Timog Kanlurang Asya, Timog Asya at Timog-Silangang Asya. Nagkakaiba-iba ang bawat rehiyon sa katangian at klima.


Pagkatapos ng aralin, inaasahang malilinang ang mga sumusunod mong kasanayan:

1. Matatalakay ang limang rehiyon ng Asya;
2. Maipaliliwanag ang dahilan ng pagkakaiba-iba ng bawat rehiyon sa katangian at klima; at
3. Masusuri kung aling bansa sa Asya ang may pinakamainam na klima.

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**



Isulat mo ang limang rehiyon sa Asya.



| Rehiyon sa Asya | Katangian |
|---|---|
| **Hilagang Asya** | Sinasakop ng Hilagang Asya ang rehiyon na nasa pagitan ng bundok Ural sa dakong kanluran hanggang sa Karagatang Pasipiko. Ang malawak na rehiyong ito ay tinatawag ding Siberia, isang bahagi ng malaking bansa ng dating Unyon Sobyet. Walang anumang punongkahoy na maaaring tumubo rito bunga ng napakahaba at napakalamig na panahon ng taglamig at napakaikling tag-araw. Ang pag-init ng panahon ay tumataas lamang ng 50°F (10°C). Sa maikling panahon ng tag-araw, nananatiling may yelo ang buong kapaligiran. Ang kalagayang ito ay tinatawag na *permafrost*.<br>Mayroon ding makikitang malalawak na damuhan na tinatawag na *steppe* sa pinakatimog na bahagi ng rehiyon. Ilang hanay ng bundok ang hangganan ng Hilagang Asya sa dakong timog nito – ang Tien Shan, Sayan, at Yablonovy. Nasa dakong timog din ang Lawang Baikal, ang lawang may pinakamalalim na tubig sa buong daigdig. Tatlong malalaking ilog ang dumadaloy patungong Karagatang Arctic – ang Ilog Ob, Yenisey at Lena, ang Ilog Amur. Ang ilog naman ay umaagos pasilangan patungong Karagatang Pasipiko. |
| **Silangang Asya** | Sakop ng Silangang Asya ang rehiyon na nasa pagitan ng mataas na kapuluan ng Gitnang Asya at ang Karagatang Pasipiko. Matataba ang mga kapatagan, malalalim ang mga lambak at matataas ang mga bundok sa rehiyong ito. Dalawang malaking ilog ang nasa rehiyon: ang Yangtze-Kiang at ang Huang Ho. Nasa gawing kanlurang baybayin ng Asya ang mga tangway |

| | |
|---|---|
| | ng Kamehatka at ang mga pulo ng Hapon at Taiwan kabilang ang Hilagang Korea, Timog Korea, Tsina at Hong Kong sa rehiyong ito.<br>Dito rin matatagpuan ang Mongolia, ang Sikiang at Tibet na sakop ng Tsina. Karaniwang tanawin sa Sinkiang at Mongolia ang mga talampas. Naririto rin ang disyerto ng takla Makan at Gobi. |
| **Timog-Kanlurang Asya** | Binubuo ng dalawang malalaking tangway ang Timog-Kanlurang Asya: ang tangway ng Arabia.<br>Isang mabatong talampas ang tangway ng Anatolia. Karaniwang natutuyo ang mga ilog at lawa sa rehiyong ito. Ang Ang malaking bahagi ng tangway ng Arabia ay mainit at walang ulan.<br>Ilang mahalagang anyong-tubig ang matatagpuan sa rehiyong ito. Ang Ilog Jordan ay nagwawakas sa Dead Sea, isang maalat na lawa at itinuturing na may pinakamaalat na tubig sa buong daigdig. Nasa gawing hilagang silangan ng rehiyon ang dagat Caspian.<br>Nasa dulong silangan ng Timog-Kanlurang Asya ang Iran at Afghanistan. Hindi gaanoong tigang ang lupa rito kung kaya sari-saring pananim ang tumutubo rito. Madalang ang pag-ulan ditto sa buong taon. Ang klima ay napakalamig kung taglamig at napakainit kung tag-araw. |
| **Timog Asya** | Nasa Timog asya ang sub-kontinente ng India at Sri Lanka sa timog, ang Bhutan at Nepal sa hilaga. Nagsisilbing hangganan sa hilagang-silangan ang kabundukang Hindu Kush. Kahanay nito mula hilaga pasilangan ang mga taluktok at lambak sa Pamir Knot. Sa gawing silangan ng Pamir Knot ay ang kabundukan ng Karakorum at ang Himalaya, ang pinakamataas at |

| | |
|---|---|
| | pinakamatarik na bundok. Dito matatagpuan ang Bundok Everest, ang pinakamataas na taluktok sa daigdig. Nasa pagitan ito ng Tibet at Nepal.<br>Bukod sa kabundukan, binubuo ng dalawang rehiyon ang Timog Asya: ang mga ilog mula sa Himalaya at ang Talampas Deccan na sumasakop sa sentral at timog India. Ditto matatagpuan ang tatlong hanay ng kabundukang Silangan Shate, Kanlurang Ghats at ang Bundok Vindhya.<br>Dalawang lambak-ilog na nagging sentro ng sinaunang kabihasnan ang matatagpuan sa rehiyon. Ang isa ay ang lambak-ilog ng Indus na umaabot sa Pakistan at nagwawakas sa Dagat Arabia at ang ikalawa ay ang lambak-ilog Ganges na dumaraan sa hilagang India hanggang Bangladesh at nagtatapos sa Look Bengal.<br>Naapektuhan ng mga monsoon ang Timog Asya. Paiba-iba ang direksyon ng mga hanging ito sa iba't ibang panahon sa buong taon. Mula Hunyo hangang Setyembre ang timog-kanlurang monsoon mula sa Karagatang India ay nagdadala ng malakas na pag-ulan na sanhi ng nakapipinsalang paghaba sa delta ng Ilog Ganges sa Bangladesh. Mula Oktobre hangang Marso, ang banayad na hangin mula sa Himalaya ay nagdudulot ng mainam na klima. |
| **Timog-Silangang Asya** | Binubuo ang Timog-Silangang Asya ng mga bansa ng Myanmar, mga peninsula ng Indochina at Malaya at ang pangkat ng mga maliit at malaking pulo ng borneo, Sumatra, Java at Clebes. Sa banding hilaga ng mga pulong ito ang kapuluan ng Pilipinas.<br>Ang bahagi ng rehiyon sa kapuluang Asya ay |

| | |
|---|---|
| | magugubat na kabundukan sa hilaga at mga lambak-ilog sa timog. Ang ilang kapatagan ay may matabang lupa at ang iba ay mga pook na latian at matubig. Ganito rin ang kalagayan sa mga pulo. May dalawang ilog na umaagos sa rehiyon: ang Irrawaddy sa Myanmar at ang Mekong sa Indochina.<br>Nasa rehiyon ng mga bulkan at paglindol ang Pilipinas at Indonesia. Lumilindol din sa Anatolia at sa ilang bahagi ng Timog-Kanlurang Asya. |

**Latitud at Temperatura**

Ang mundo ay dating nahahati sat along sonang pantemperatura: sonang tropical, sonang may katamtamang klima at pinakamalamig na sona. Ipinakikita ang pagkakahati-hating ito sa mapa.

**Klima at Panahon**

Malimit mabasa sa mga aklat ng Araling Panlipunan ang mga katawagang klima at panahon. Magkasingkahulugan kaya ang dalawang salitang ito?

**Mga Klima sa Mababang Latitud**

| | |
|---|---|
| ***Equatorial* o *Tropical*** | Sa pangalan pa lamang, madaling matutukoy kung saang rehiyon makapal ang tubo ng mga puni at ang mga dahon nito ay malalapad at malalaki. Palagiang kulay berde rin ang mga dahon ng puno. Nangangahulugan itong hindi sabay-sabay ang paghulog ng mga dahon sa puno. Patuloy ang pag-usbong ng mga dahon sa buong taon.<br>Tumataas ng 30 hanggang 50 metro ang mga puno ng kagubatan sa pagnanais nitong masikatan ng araw. |

| | |
|---|---|
| | Karamihan sa mga puno ay may malalaking ugat upang maging matatag ang puno. Ang mga punungkahoy ay pinagkukunan ng mga kahoy na ginagamit sa pagtatayo ng mga bahay at paggawa ng mga muwebles. Napapaligiran ng mga dapo, pako, orkidyas at baging ang mga puno at sanga ng mga punongkahoy. Palagiang may ulap ang langit at mahalumig-mig ang hangin.<br>Ang mga bansa sa Timog-Silangang Asya, mga bahagi ng Timog Amerika at gitnang Aprikaa ay may klimang equatorial o tropical. |
| ***Savanna*** | Ang klimang ito ay makikita sa mga pook sa mababang latitude na malayo sa ekwador. Nakararanas ng matinding ulan sa loob ng kalahating taon kung panahon ng tag-init ang mga pook sa rehiyong ito at kaunting pagulan sa nalalabi pang kalahating taon. Ang mga hayop tulad ng elepante, giraffe, antelope at leon ang karaniwang makikita sa klimang ito. |
| **Disyerto** | Makikita ang mga disyerto sa mababa at gitnang latitude. Ang disyerto ay isang pook na tumatanggap ng napakakaunting ulan kung kaya bihirang halaman lamang ang maaaring tumubo rito. Mga sampung dali lamang ng ulan sa loob ng isang taon ang pumapatak sa disyerto. Tigang at mabatoang lupa rito. Tanging cactus lamang ang maaaring tumubo sa ganitong klima. |

**Mga Klima sa Gitnang Latitud**

| | |
|---|---|
| ***Mediterranean*** | Makikita ang klimang ito sa mga bansang nakapaligid sa Dagat Mediterrean tulad ng Turkey, Syria, Lebanon at Israel. Ang klimang ito ay matatagpuan din sa California, gitnang Chile at Timog Aprika. Ang mga bansang ito ay nasa 35º hilaga ot timog ng ekwador, malapit sa dagat o |

| | |
|---|---|
| | nasa dakong kanluran ng kontinente.<br>Kaaya-aya at maaraw ang panahon ng mga pook na may klimang Mediterranean. Mainit at walang ulan kung tag-araw at malamig at maulan naman kung taglamig.<br>Ang matatagpuang mga halaman ditto ay mga damuhan, palumpong at kagubatan. Maaring magtanim ng mga halaman tulad ng prutas at mga namumulaklak na halaman. |
| ***Humid Sub-Tropical*** | Makikita ang klimang ito sa silangang baybayin ng mga kontinente 35º hilaga o timog ng ekwador. Nagtataglay ng kliamang sub-tropical ang timog-silangang baybayin ng Timog Amerika, Australia, Hapon at Tsina. Dumadaloy ang mainit na tubig na nagmumula sa karagatan sa klimang ito. |
| **Kanlurang Baybayin o *Marine*** | Ang rehiyong pangklimang ito ay makikita sa pagitan ng 30º at 60º latitude sa dakong kanlurang baybayin ng mga kontinente |
| ***Humid Continental*** | Ang klimang ito ay makikita sa pagitan ng 40º at 60º latitude hilaga ng ekwador. Ito ay mararanasan sa dakong gitna ng isang kontinente o sa tabing silangang bahagi ng kontinente. Ito ang klima ng apat na panahon – taglagas, taglamig, tagsibol at tag-araw. Ang klimang ito ay higit na naapektuhan ng mga hanging umiihip sa lupain kaysa mga hanging umiihip sa karagatan. |
| ***Continental Desert* o Disyertong Kontinental** | Katabi ng continental steppe ang sonang pangklimang continental dessert. Tumatanggap ng kulang sa 10 dali ng patak ng ulan ang rehiyong ito. Ang timog-kanlurang Estados Unidos, Gobi ng Asya at ang maliit na disyerto ng Peru, Chile at Aprika ay mga disyertong continental. |

**Mga Klima sa Mataas na Latitud**

| | |
|---|---|
| **Tundra** | Isa ito sa dalawang klimang nabibilang sa pinakamataas na latitude. Ito ay salitang Ruso na nangangahulugang malaking kapatagan. Makikita ang klimang ito sa hilagang bahagi ng Canada, Europa at Unyong Sobyet. |
| **Klimang *Vertical*** | Ang klimang ito ay matatagpuan sa matataas na mga bundok. Ang klima sa paanan ng bundok ay klimang tropical. Sa pagakyat ang bundok, nagiging malamig ang klima kung kaya ang mga lupain ditto latitude. Ang taluktok ng bundok ay nagtataglay ng klimang kabilang sa mataas na latitud |

**Lokasyon ng mga Lugar Ayon sa Latitud at Longhitud**

Gumagamit ang mga kartograpo ng mga likhang-isip na guhit upang mabigyan ng tumpak na lokasyon ang mga lugar sa mapa at globo. Ang mga guhit na kahanay ng linya ng ekwador ay tinatawag na *parallel* ng latitud. Ang mga linyang ito ay nagmumula sa silangan patungong kanluran.

Ang mga linya sa mapa o globo na nakaguhit mula hilaga patungong timog ay tinatawag na *meridian* ng longhitud. Ang tumpak an lokasyon ng *Prime Meridian* o Unang Meridian ay 0° longhitud. Ang layo ptungong silangan o kanluran mula sa Unang Meridian ay sinusukat ng digri ng longhitud. Ang guhit sa Meridian ay may bilang na 0° hanggang 180° silangang longhitud o 0° hanggang 180° kanlurang longhitud.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Subukan mo kung iyong matatandaan ang klima ng mga bansa. Pagtapat-tapatin sa pamamagitan ng paglalagay ng guhit sa magkatugmang bilang at titik sa Hanay A at Hanay B.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| ______ 1. Gitnang Indochina | A. Continental Desert |
| ______ 2. Peru | B. Equatorial o tropical |
| ______ 3. Estados Unidos | C. Disyerto |
| ______ 4. Great Britain | D. Tundra |
| ______ 5. Vietnam | E. Marine |
| ______ 6. Egypt | F. Savanna |
| ______ 7. Russia | G. Continental Steppe |
| ______ 8. Turkey | H. Mediterranean |
| ______ 9. Australia | I. Taiga |
| ______ 10. Aprika | J.Humid Sub-Tropical |



**Tandaan Mo!**

- May iba't ibang klimang panrehiyon sa daigdig. Halos lahat ng klimang panrehiyong ito ay matatagpuan sa kontinente ng Asya.



**Gawain 3: Paglalapat**

Ikumpara mo ang limang rehiyon ng Asya base sa kanilang heograpiyang pisikal.

| Hilagang Asya | Silangang Asya | Timog-Kanlurang Asya | Timog Asya | Timog-Silangang Asya |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

**ARALIN 3**

**MGA PINAGKUKUNANG YAMAN**

Nagtataglay ng iba't ibang klima at iba pang katangiang pisikal ang mga rehiyon sa Asya kung kaya iba't ibang pananim at likas na yaman ang matatagpuan sa kontinenteng ito.

May iba't ibang uri ng likas na yaman ang isang bansa. Ang ilang mga likas na yaman ay higit na mahalaga kaysa iba. Maaaring ang isang likas na yaman ay mahalaga sa isang bansa at hindi mahalaga sa iba. Ito ay naaayon sa pangangailangan ng isang bansa sa isang likas na yaman.

Pagkatapos ng paksang aralin inaasahang malilinang ang mga sumusunod mong kasanayan:

1. Makapagbibigay ng kahalagahan ng likas na yaman ng iba't ibang lugar sa Asya;
2. Makapagtatalakay ng kalagayan ng pagsasaka at pangingisda sa Asya; at

3. Maihahambing at maipapaliwanag ang mga dahilan at epekto ng mga suliraning pangkapaligiran sa Asya.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Subukan mong iguhit ang yamang likas na matatagpuan sa Asya. Lima lamang. Gumamit ng kwaderno o ibang papel.

**Likas na Yaman ng Hilagang Asya**

| |
|---|
| **Siberia**<br>- May lawak na 12. 6 milyong kilometro kwadrado, bahagi ng Rusya ang Siberia at matatagpuan sa silangan ng Bundok Ural at hilaga ng Tsina at Mongolia. Nahahati ito sa tatlong pang-heograpiya at pangkabuhayang rehiyon – Kanlurang Siberia, Silangang Siberia at Dulong Silangang Siberia.<br>- |
| **Mongolia**<br>- Ang Mongolia, matatagpuan sa Gitnang Asya, ang bansang may pinakamaliit na populasyon sa buong daigdig. Nasa pagitan ito ng dating Unyon Sobyet sa hilaga at Tsina sa silangan. |
| **Likas na Yaman ng Silangang Asya**<br>- Ang pinakamalaking potensyal sa produksyon sa pagsasaka sa daigdig ay matatagpuan sa mga kapatagan at lambak-ilog ng Tsina. Gayunpaman, magtatagal pa bago ito makamtan ng mga Tsino sapagkat sinauna pa ang paraan ng pagsasaka at di gaanong gumagamit ng bagong teknolohiya ang mga magsasaka tulad sa Europa. |

| |
|---|
| - Sa Hapon, kaunting lupa lamang ang sinasaka at ditto inaani ang palay, trigo, barley, millet, prutas at gulay. Nagtatanim ng punong mulberry na pagkain ng mga uod o silkworm ang mga Hapones kaya nangunguna sila sa industriya ng telang sutla<br>- Sa Tsina, isang bansang nakahihigit sa iba sa likas na yaman ay ang bansang Tsina. Matatagpuan ang iba't ibang uri ng mineral sa Tsina tulad ng manganese, mercury at tungsten. Malaki ang naitutulong ng mga kayamanang ito sa pag-uunlad ng Tsina bilang isang pwersang industriyal<br>- Karbon ang pinakamahalagang pinagkukunan ng enerhiya sa Tsina. Pangatlo ang Tsina sa pagmimina sa karbon at sa dami ng deposito ng karbon. Nasa lambak ng Hwang Ho ang pinakamalaking deposito ng karbon at isa sa mga pangunahing minahan ng karbon sa buong daigdig. Bawat lalawigan sa Tsina ay mayroong kaunting pinagkukunan ng karbon. |
| **Yamang-tubig at Lupa**<br>- Ang Ilog Yangtze at Ilog Hwang Ho ay dalawa sa pinakamalaking ilog sa buong mundo. Ang mga ito ay mahalaga sa irigasyon at bilang lagusan patungo sa mga liblib na pook ng Tsina. Ang Ilog Yangtze ay malaki ang posibilidad na magamit para sa lakas haydro-elektrika. Sa kasalukuyan, maraming prinsa ang ginagawa upang mapakinabangan ang potensyal na ito ng Ilog Yangtze. |
| **Hilaga at Timog Korea**<br>- Higit na malaki ang Hilagang Korea kaysa Timog Korea bgunit higit a kaunti ang populasyon nito sa Timog Korea. Ang Timog Korea ang pangunahing rehiyong pang-industriya sa tangway at patuloy ang pag-unlad nito. Nagbibigay ng lakas haydro-elektrika ang mga ilog. May graphite at magnesium na nagmimina sa bansang ito. |

| |
|---|
| Palay ang pinakamahalagang produktong agrikultura |
| **Hong Kong**<br>- Isa sa pinakamalaking lungsod sa buong mundo ang lungsod ng HongKong. Ito ay dating kolonya ng Inglatera (Special Administrative region of China ngayon). Binubuo ito ng isang maliit na pulo at isang maliit na bahagi ng baybayin ng tsina. |
| **Taiwan**<br>- Ang Republika ng Tsina ay itinatag ng mga Nasyonalistang Tsino sa pulo ng Taiwan. Bulubundukin at panay kagubatan ang pulong ito. Kakaunti lamang ang mga yamang-mineral. Ang tulong na nagmula sa mga ibang bansa tulad ng Estados Unidos ang nakatulong upang mabago ang Taiwan mula sa isang pulo ng mahihirap na magsasaka tungo sa isang bansang makabago at industriyalisado. Iniluwas ang maraming produkto mula sa kagubatan tulad ng kawayan, plywood, tabla torso at papel. Iniluluwas din ang mga produktong semento, pataba, plastic, kemikal, tela at mga pagkaing de-lata. |
| **Likas na Yaman ng Timog-Kanlurang Asya**<br>- Ang Talampas Anatolian ang pangunahing rehiyong pansakahan sa Turkey. Ang mga pananim ay trigo at pagkaing butil. Ang igos, oliba at ibang prutas ay itinatanim sag awing timog-kanluran samantalang ang tabako ay matatagpuan sa kapatagang malapit sa baybayin.<br>- Sa Iran, ikaanim na bahagi lamang ng lupain ang natatamnan. Ang mga nangungunang produkto ay trigo at barley. Itinatanim din ang palay, bulak, mais, sugar beet, tabako, poppies at mga prutas. |

**Mga Lupaing Arabyano sa Timog-Kanlurang Asya**

- Lubhang nabago ang tanawin at pamumuhay ng tangway ng Arabia nitong huling 30 taon. Masasabing ang mga tao sa Arabia ay nagpalit mula sa hanggang sa Cadillac sa loob lamang ng isang henerasyon. Hindi pa rin gaanong matao ang tangway bagaman marami nang mga lungsod na naitatag sa disyerto. Malaki ang nagging pagbabago ng kapaligiran bunga ng patuloy na pagtaas ng presyo ng langis na nagbibigay ng maraming salapi sa mga bansang may minahan ng langis.

**Jordan, Syria at Iraq**

- Isang mahirap na bansa ang Jordan na may kaunting likas na yaman. Mayroong kaunting yamang-mineral ngunit walang anumang langis. Ang nililinang na mineral ay ang phosphate, potash at marmol. Mayroong deposito ng manganese, bakal, sulphur at tanso. Tatlong bahagi ng mga tao ang nabubuhay sa pagsasaka. Pangunahing pananim ang trigo, barley, kahol, olive at gulay. Pangunahing industriya ang pagrerepina ng langis, pagkukulti ng balat, paggawa ng mga produktong elektrikal, semento at sabon.
- Nakasasapat sa pangangailangan ng Syria ang produksiyon nito sa pagkain. Mahigit sa kalahati ng mga Syrian ang nabubuhay sa pagsasaka. Pangunahing pananim ang trigo, barley, bulak, tabako at prutas. Nag-aalaga rin ng baka at tupa ang mga tao. Pangunahing industriya ang pag-iimbak ng pagkain, paghahabi ng tela at paggawa ng semento
- Ang Iraq (Mesopotamia), ang lupain sa pagitan ng dalawang ilog, ay pinagkukunan ng petrolyo, ang pangunahing pinagkakakitaan ng salapi. Ibang yamang-mineral sulphur, phosphate, asin at gypsum. Mahigit sa kalahati ng populasyon ang nabubuhay sa pagsasaka. Pangunahing pananim ang dates, trigo, barley, palay, tabako at bulak. Nagbibigay ng lana at balat ang mga alagang tupa at baka.

| | |
|---|---|
| | Pangunahing industriya ang pagpoproseso ng pagkain at paggawa ng semento, sabon at tela |
| **Turkey**<br>- Matatagpuan ang Turkey sa talampas ng Anatolia. Maraming depositing mineral sa bansang ito ngunit karamihan ay hindi pa nalilinang. Mahigit sa kalahati ng populasyon ang nabubuhay sa pagsasaka. Pangunahing pananim ang mga trigo, tabako, bulak at prutas. Pangunahing industriya ang produksyon ng bakal, pagrerepina ng asukal at paghahabi ng tela | |
| **Iran**<br>- Kilala sa tawag na Persia ang Iran noong unang panahon. Nagging opisyal na pangalan ang Iran noong 1935. isa sa pinakamalaking bansa ang Iran sa Timog-Kanlurang Asya. Disyerto ang malaking bahagi ng iran kaya ang lupang sakahan ditto ay maliit lamang. Pangunahing pananim ng mga tao ang trigo, barley, palay, prutas, at bulak. Hindi sapat ang pagkaing inaani upang mapakain ang lahat ng tao sa bansa. | |
| **Israel**<br>- isang maliit na bansa ang Israel na ang kalakihang bahagi ay disyerto. Sa tulong ng irigasyon, nabago ng mga Isralite ang disyerto at nagging mga lupang sakahan ito. Inaani ng Israel ang ikatlo hanggang ika-apat na bahagi ng pagkain nito at nagluluwas ng mga prutas tulad ng kahel. Walang anumang malaking deposito ng mineral ang Israel ngunit napagyaman nito ang anumang mayroon sa lupa. Nagtataglay ang Dead Sea ng maraming mineral. | |
| **Lebanon**<br>- Pinakamaliit na bansa ang Lebanon sa Timog-Kanlurang Asya. Ang mga pangunahing mineral ng bansa ay bitumen, bakal, apog at asin. Pangunahing industriya ang pagproproseso ng pagkain, | |

pagrerepina ng asukal, at paghahabi ng tela at paggawa ng semento. Ang ikaapat na bahagi ng lupa ay natatamnan ng prutas, gulay at tabako. Karamihan sa kita ng bansa ay nagmumula sa komersyo, pagbabangko at pananalapi.

**Likas na Yaman ng Timog-Silangang Asya**

- Ang mga bansa sa Timog-Silangang Asya na nakakabit sa kapuluan ng Asya ay mga bansang pansakahan. Sa Myanmar, itinatanim ang palay sa delta Irrawaddy at sa mga lambak-ilog. Nagtatanim din ang mga magsasaka ng pagkaing butil, bulak, mani, goma, tubo at tabako.
- Palay rin ang mahalagang produkto sa matabang kapatagan sa gawing hilaga ng Thailand. Bukod ditto, itinatanim din ang mga punong goma sa timog, mga punong niyog, bulak at mais.
- Sa Laos, ang mga magsasaka ay nagtatanim ng palay, mais, kape, tabako at prutas sa mga lambak-ilog at dalisdis ng bundok.
- Halos ganito rin ang mga produktong pansakahan sa Cambodia bagaman ang plantasyon ng mga punong goa ang pinakamahalaga.
- Ang lupang pansakahan sa Vietnam ay ang delta ng Ilog Pula at ng Ilog Mekong. Nangungunang tanim ang palay at mayroon ding kape, tsaa, asukal, mais at kopra

**Indonesia: Isang Lumalaking Higante**

- Isa sa pinakamataong bansa sa mundo ang Indonesia at patuloy pa ang mabilis na paglaki ng populasyon nito. Apat na bansa lamang ang may higit na populasyon kaysa Indonesia. Isang mahalagang likas na yaman ng bansang ito ang lata. Nagluluwas din ito ng goma. Ang pinakamahalagang produkto nito ay langis. Walumpong porsyento ng kita ng Indonesia sa iniluluwas na

| | |
|---|---|
| | produkto ay buhat sa langis. |
| **Malaysia** | |
| - | Sagana ang Malaysia sa mga yamang-likas. Ang ikatlong bahagi ng likas na goma sa buong mundo at ang ikatlong bahagi ng lata sa mundo ay nanggagaling sa Malaysia. Isang mahalagang produkto rin sa bansang ito ang langis ng niyog. Namimina ang langis sa hilagang bahagi ng Borneo. |
| **Brunei** | |
| - | Ang maliit na bansang itoay mayroon lamang 200,000 tao. Ito ay may maraming mina ng langis kaya pangunahing produkto ito ng bansa. Nagluluwas din ito ng goma sa ibang bansa. |
| **Pilipinas** | |
| - | Binagabag ng mga suliraning-pampulitikal at pangkabuhayan ang Pilipinas simula nang maging malaya ito noong 1946. Isa sa sanhi ng mga suliraning ito ang mabilis na paglaki ng populasyon. Sa kabilang dako, ang mga likas na yaman ng Pilipinas ay hindi naman napauunlad kasabay ng populasyon. Karamihan ng mga produktong iniluluwas ay poduktong agricultural tulad ng asukal, kopra at pinya. Isa sa inaangkat ng Pilipinas ang langis. Tulad ng Indonesia, malaki ang pagkakautang ng Pilipinas sa ibang bansa. |
| **Singapore** | |
| - | Isang estadong-lungsod ang Singapore. Nasa bungad ng Kipot ng Malacca ang Singapore, isang metropolis na may populasyon na 2.5 milyong tao. Mataas ang antas ng pamumuhay sa Singapore bagaman ito ay walang likas na yaman. Ang Singapore ay isang mahalagang daungan at isang sentro ng kalakalan at industriya. |


| |
|---|
| **Thailand**<br>- Isang maunlad na bansa ang Thailand. Marami itong mga likas na yaman. Nakapagluluwas ng goma at tablang teak ang Thailand sa ibang bansa. Suliranin nitong pangkabuhayan ang mataas na halagang ibinabayad nito sa inaangkat na langis. |
| **Vietnam**<br>- Karbon, bakal, manganese, phosphate, lata at zinc ang ilan sa yamang mineral na makikita sa Vietnam samantalang mayroon ding karbon, tingga, apog at molybdenum sa bansa. Mula sa kagubatan ay nanggagaling ang mga produkto ng cinnamon, quinine at kawayan. Karamihan sa mga Vietnamese ay magsasaka. Ang ibang halamang tumutubo rito ay kape, tsaa, mais, kamoteng kahoy, mani, niyog, tubo, tabako, at kamote. Ang pangunahing industriya ng bansa ay ang pagmimina ng karbon, paggawa ng repinadong asukal, paggawa ng goma, tela at semento. |
| **Laos**<br>- Lubhang mahirap na bansa ang Laos at malayo sa ibang bahagi ng mundo. Lata ang pangunahing yamang-mineral ditto. May mga deposito ng ginto, tanso, at manganese ngunit ang karamihan nito ay hindi pa nalilinang. Karamihan sa mga Laotian ay nabubuhay sa pagsasaka. Mga pangunahing pananim ang palay, mais, kape, bulak, tsaa at tabako. |
| **Cambodia**<br>- Ang bansang Cambodia na dati ay tinawag na Republika ng Khmer at Kampuchea ay lubhang nasalanta nitong mga ilang huling taon. |

| |
|---|
| Habang may digmaan sa Vietnam, isang pangkat ng mga Komunista ang umagaw ng kapangyarihan ng pamahalaan. Isang milyong tao ang namatay bunga ng pananakop at kawalan ng pagkain. Hindi pa nalilinang ang mga yamang-mineral ng bansa na binubuo ng phosphate, bakal at apog. |
| **Pagasasaka at Panustos na Pagkain sa Timog-Silangang Asya.**<br>- Bigas ang pangunahing pagkain sa buong rehiyon ng Timog-Silangang Asya. Dalawang uri ng palay ang itinatanim ditto-palay sa matubig na bukid at palay sa mga burol at bundok. Ang aning palay sa mga matubig na bukirin ay higit na malaki kaysa ani sa mga burol at bundok. Dahil dito, karamihan sa mga pagkain sa rehiyon ay nagmumula sa pagsasaka ng mga matubig na kapatagan. |
| **Mga Suliranin ng Timog-Silangang Asya**<br>- Nahaharap ang Timog-Silangang Asya sa malaking suliranin ng panustos na pagkain dahil sa napakabilis na paglaki ng bilang ng populasyon nito. Bagaman nagsisikap ang mga bansang magdagdag ng mga bagong pananim, maglagay ng mga irigasyon at gumamit ng makabagong paraan sa pagsasaka, hindi pa rin makasapat ang mga ito para sa lumalaking populasyon. |
| **Likas na Yaman ng Timog Asya**<br>- Pagsasaka ang pangunahing hanapbuhay at palay ang mahalagang produkto sa Timog Asya. Sa India, umaani ang mga magsasaka ng trigo at palay sa mga lupang mataba at natutubigan. Ang ibang mga pananim ay bulak, jute, tubo, tabako at mga gulay. Nangunguna ang India sa produksyon ng tsaa na itinatanim sa Assam. |

| |
|---|
| **India**<br>- Isang malakas na bansa ang India. Maraming likas na yaman ang bansang ito. Malaki ang reserba nito ng bakal at karbon. Mayroon din itong pinagkukunan ng ibang mineral na ginagamit sa industriya tulad ng manganese, chromium at bauxite. Napakarami ng pinagkukunan nito kaya ang iba ay ipinagbibili sa ibang bansa. |
| **Bangladesh**<br>- Ang bansang ito ay may matabang lupain na mapagtamnan nang tatlong beses sa isang taon. Ang tsaa at jute ay dalawang produktong iniluwas sa ibang bansa. Gayunpaman, mabagal ang pag-unlad ng Bangladesh bunga ng pagkakapinsala sa mga digmaan, makalumang sistema ng transportasyon, malalayong pamayanan at ang palagiang pagbaha na sumisira sa mga pananim. |
| **Pakistan**<br>- Kabaligtaran sa suliranin ng Bangladesh ang suliranin ng Pakistan. Tuyo at tigang ang lupa sa Pakistan. Ang pagsasaka ay maaari lamang gawin sa pook ng Ilog Indus dahil may irigasyon. Trigo ang pangunahing pananim ditto. Maaaring mag-alaga ng mga tupa at kambing sa tuyong bahagi ng bansa. |
| **Sri Lanka**<br>- Ang bansang ito ay dating tinatawag na Ceylon. Ito ay isang bansang maraming pataniman ng niyog, goma at tsaa batay sa katabaan ng lupaing ginagamit na taniman. |
| **Kalagayan ng Pagsasaka sa Asya**<br>- Dalawa sa bawat tatlong Asyano ang nabubuhay sa pagsasaka. Karamihan sa kanila ay nagmamay-ari ng mga maliit na lupa na kanilang tinatamnan ng sapat na pagkain para sa kanilang mga |

| |
|---|
| sarili at pamilya/ ang iba ay gumagawa para sa mayayamang haciendero, samantalang ang iba pa ay naglilingkod sa mga sakahang pampamahalaan o pangmadlang bukirin. |
| **Ang Kalagayan ng Pangingisda sa Asya**<br>- Pangunahing pagkain ang isda sa mga baybayin at pulo ng Silangang Asya. Namamahala ang Tsina at Hapon ng malalaking pangkat ng mga bangka sa pangingisda na naglalayag sa dagat ng hilagang Pasipiko sa paghuli ng hilagang Pasipiko sa paghuli ng isda. Ang isda ay mahalagang putahe sa pagkain ng mga taga-Bangladesh, Sri Lanka at Myanmar. Ang pangingisda sa mga ilog at lawa ay pangunahing hanapbuhay sa maraming bahagi ng timog-Silangang Asya lalo na sa mga bungad ng malalaking ilog tulad ng Mekong. Ang Tsina ay maraming ilog at lawang napagkukunan ng mga isdang tabang. |
| **Paggamit ng Lupa sa Asya**<br>- Hindi pantay ang paggamit ng lupa sa Asya. Kalahati ng populasyon sa mundo ay naninirahan sa anim na bansa sa Asya – Tsina, India, Indonesia, Hapon, Pakistan at Bangladesh. May malawak na bahagi ng Asya na halos walang nakatira dahil sa ito ay disyerto o semidisyerto. Mayroong kulang sa 25 katao sa bawat milya kwadrado ng lupa (kulang sa 10 sa bawat kilometro kwadrado) ang karamihang bahagi ng kontinente. |
| **Mga Dahilan at Epekto ng mga Suliraning Pangkapaligiran sa Asya**<br>- Ang distribusyon ng papawirin at atmospera ay lumikh ng napakainit na temperature kung tag-araw, 119ºF o 66ºC, at lubhang napakalamig mula sa Timog Himalaya hanggang sa tien Sban kung taglamig, 59ºF o 51ºC, Ang malaking pagkakaiba, 119ºF o 66ºC, ay nagiging dahilan ng malalakas na hanging pumipinsala sa mga |

halaman at hayop. Sa Tsina, kung ang mga dike ay nawawasak, mga mapaninsalang baha ang sumisira sa pananim at hayupan, gayundin sa mga ari-arian. Ito ay karaniwang sinusundan ng taggutom. Dahil ditto, ang Ilog Dilaw ay tinaguriang Yellow Peril at China's Sorrow.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Sa paanong paraan mapag-iingatan ng mga Pilipino ang kanilang likas na yaman?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________.



**Tandaan Mo!**

- Ang distribusyon ng papawirin at atmospera ang lumilikha ng napakainit na temperaturang nagiging dahilan ng malalakas na hanging pumipinsala sa mga halaman at hayop.



**Gawain 3: Paglalapat**

Ang polusyon ang isa sa mga suliraning nakakaapekto sa mga pamayanang urban. Ang mga yamang tubig at yamang lupa ay pawang apektado ng polusyon.

Sumulat ng isang maikling sanaysay kung paano matutugunan ang problema ng polusyon sa ating bansa.



## MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

- Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?
- Isa sa pitong kontinente sa daigdig ang Asya.
- Ito ang pinakamalaki at sumasaklaw sa ikatlong bahagi ng kabuuang lupain ng daigdig. Binubuo nito ang malaking bahagi ng lupaing Eurasia. Sinasaklaw nito ang lupaing nasa gawing silangan ng Bundok Ural at umaabot hanggang sa Dagat Caspian at Black Sea.
- May kabuuang sukat na 44,900,000 kilometro kwadrado ang Asya.
- Ang Asya ay isang kontinenteng nagtataglay ng iba't ibang katangian. Kung heograpiiyang pisikal ang pag-uusapan, iba't ibang uri ng anyong-lupa at anyong-tubig ang makikita sa Asya .
- Nahahati ang Asya sa limang malalaking rehiyon – Hilagang Asya, Timog-Kanlurang Asya, Silangang Asya, Timog Asya, at Timog-Silangang Asya. Naiiba ang isang rehiyon ayon sa uri ng klima at katangiang pisikal.
- Nagtataglay ng lahat ng uri ng likas na yaman ang mga rehiyon sa Asya.
- May mga rehiyong biniyayaan ng higit na likas na yaman kaysa iba.
- May ilang mga salik na maaaring makaimpluwensya sa paglinang ng likas na yaman ng isang bansa. Ang ilan sa mga ito ay ang katangian ng populasyon, kaalaman sa makabagong teknolohiya, at mga kaguluhan o sakunang gawa ng kalikasan tulad ng lindol, bagyo, at pagsabog ng bulkan.



**PANGHULING PAGSUSULIT**

Panuto: Suriin at ibigay ang tamang kasagutan. Bilugan ang titik.

1. Ano ang bansang maliit na may bilang na 200,000 tao at maraming mina ng langis.

   A. Malaysia C. Laos
   B. Brunei D. Cambodia

2. Alin sa mga sumusunod sa Golpo ang dinaraanan ng tanker ng langis

   A. Siam C. Persia
   B. Tonkin D. Lingayen

3. Ano ang pinakamalaking look sa rehiyon.

   A. Maynila C. Mayon
   B. Taal D. Bengal

4. Ano ang mga lugar sa mapa at globo ang mga guhit na pakanang linya ng ekwador.

   A. Parallel of Latitude C. Longhitud
   B. Digri Latitud D. Meridian

5. Ano ang mga linya sa mapa o globo na nakaguhit mula hilaga patungong timog.

   A. Parallel ng Latitud C. Ekwador
   B. Meridian ng Longhitud D. Digri

6. Anong bansa ang nakahihigit sa iba sa likas na yaman kung saan matatagpuan ang iba't ibang uri ng mineral

   A. Brunei C. Tsina
   B. India D. Singapore

7. Saan matatagpuan ang talampas ng Anatolia

A. Syria
B. Jordan
C. Iraq
D. Turkey

8. Ano ang pinakamaliit na bansa sa Timog-Kanlurang Asya.

A. Israel
B. Iran
C. Turkey
D. Lebanon

9. Alin bansa ang may matatabang lupain na mapagtatamnan nang tatlong beses sa isang taon.

A. Pakistan
B. Bangladesh
C. Sri Lanka
D. Nepal

10. Anong bansa ang tuyo at tigang ang lupa. Ang pagsasaka ay maaari lamang gawin sa pook ng ilog dahil sa irigasyon

A. India
B. Nepal
C. Sri Lanka
D. Bangladesh

11. Anong bansa ang tinatawag na Ceylon. Ito ay bansang maraming pataniman ng niyog, goma at tsaa.

A. India
B. Nepal
C. Sri Lanka
D. Bangladesh

12. Ano ang tawag sa lupain sa pagitan ng dalawang ilog.

A. Jordan
B. Iran
C. Turkey
D. Mesopotamia

13. Anong bansa ang kaunting lupa lamang ang sinasaka at ditto inaani ang palay, trigo, barley, millet, prutas at gulay.

A. Tsina
B. Hapon
C. Korea
D. Hong Kong

14. Saan rehiyon may pinakamalaking kagubatan sa buong mundo.

A. Taiga
B. Tundra
C. Vertical
D. Savanna

15. Alin sa mga sumusunod ang anyong lupa na ang bahagi ng kapuluang nakausli sa karagatan.

A. Talampas
B. Disyerto
C. Tanguray
D. Talampas

16. Ano ang pinakatanyag na bundok sa buong Hapon.

A. Taal
B. Fugi
C. Everest
D. Mayon

17. Saang bansa matatagpuan ang talampas Anatolia.

A. Mongolia
B. Nepal
C. Siberia
D. Turkey

18. Alin sa mga sumusunod na bansa ang may kaunting likas na yaman

A. Jordan
B. Syria
C. Iraq
D.Iran

19. Anong Bansa ang may mahalagang likas na yaman ng lata.

A. Thailand
B. Singapore
C. Indonesia
D. Malaysia

20. Alin sa sumusunod na bansa ang mataas na antas ng buhay bagaman ito ay walang likas yaman

A. Singapore
B. Philippines
C. Jordan
D. India



## GABAY SA PAGWAWASTO:

### PANIMULANG PAGSUSULIT

1. B
2. A
3. C
4. D
5. B
6. A
7. D
8. A
9. B
10. D
11. C
12. A
13. D
14. B
15. C
16. A
17. A
18. A
19. C
20. B

### ARALIN 1: ANG KATANGIANG PISIKAL

**GAWAIN 1: Pag-isipan Mo!**

Mga Anyong Lupa:

1. Bundok
2. Talampas
3. Bulkan
4. Disyerto
5. kapuluan

Mga Anyong Tubig:

1. Dagat
2. Ilog
3. Lawa
4. Look
5. Golpo

**GAWAIN 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. Lambak ng Ilog Huang Ho
2. Lawang Ural
3. Ilog Lena at Ob
4. Tibet
5. Golpo ng Persia

**GAWAIN 3: Paglalapat**

1. equatorial o tropical
2. savanna
3. disyerto
4. humid sub-tropical
5. marine
6. continental steppe
7. continental desert
8. tundra
9. taiga
10. klimang vertical

**ARALIN 2: MGA REHIYON SA ASYA**

**GAWAIN 1: Pag-isipan Mo!**

1. Hilagang Asya
2. Silangang Asya
3. Timog-Kanlurang Asya
4. Timog Asya
5. Timog-Silangang Asya

**GAWAIN 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. G
2. A
3. H
4. E
5. B
6. C
7. D
8. I
9. M
10. B

**GAWAIN 3: Paglalapat**

Sariling kaisipan ng mag-aaral

**ARALIN 3: MGA PINAGKUKUNANG-YAMAN**

**GAWAIN 1: Pag-isipan Mo!**

Bahala ang mag-aaral

**GAWAIN 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Sariling opinyon. Isangguni sa gurong tagapamahala.

**GAWAIN 3: Paglalapat**

Ipatsek sa gurong tagapamahala.

**PANGHULING PAGSUSULIT**

1. B
2. C
3. D
4. A
5. B
6. C
7. D
8. D
9. B
10. A
11. C
12. D
13. B
14. A
15. C
16. B
17. D
18. A
19. C
20. A